**ANG PALABAS SA DAAN**
**(EASTER PEOPLE Part3)**
**Flock Worship Service Topic**
By: Sis. Techie M. Rodriguez
Abril 05, 2025




Ang daan tungong Emaus ay isang kwento tungkol sa pagsabay ni Hesus sa dalawang (2) alagad pagkatapos ang muli Niyang pagkabuhay, ngunit hindi Siya nakilala (*Lk.24:13-35*). Isa itong patunay na hindi natin nakikilala si Hesus na kasama natin Siya sa ating paglalakbay at ang kagustuhan Niyang maihayag ang Kanyang sarili sa atin.



**BAKIT HINDI NILA NAKILALA SI HESUS?**

1. **Matinding kalungkutan ang humarang sa kanilang paningin.** Sina Cleopas at mga kasama ay nagpunta sa Jerusalem para makita si Hesus, ngunit ang nakita nila ay ang brutal Niyang kamatayan. Bilang resulta, punong-puno sila ng kalungkutan.
   Tulad din nito, maraming Kristyano ang nakaranas ng kabiguan, at nakaramdam sila ng kawalan ng pag-asa kaya naging dahilan ito para hindi nila makita si Hesus sa kanilang buhay.
2. **Puno ng pagdududa ang kanilang isipan.** Narinig nilang muling nabuhay si Hesus ngunit hindi nila ito pinaniwalaan. Dagdag pa nito, nag-alinlangan ang mga alagad (sa dagat ng Galilea) noong naglakad sa ibabaw ng tubig si Hesus (*Mt. 14:22:27).* Kaya, ang pagdududa ay nakabubulag sa ating isipan para mapahalagahan ang mga nagawa ni Hesus sa ating buhay.

**PAANO INIHAYAG NI HESUS ANG KANYANG SARILI?**

1. **PANALANGIN** *(Lk 24:17-27)*

   Nakinig si Hesus kay Cleopas, pinagsabihan sila, at ipinaalala ang Banal na Kasulatan. Kaya, inihahayag ni Hesus ang Kanyang sarili sa **PANALANGIN**.
2. **BANAL NA KASULATAN** *(Lk 24:17)*
   Ginamit ni Hesus ang Banal na Kasulatan para ihayag ang sarili sa dalawang (2) alagad. Gusto Niyang makilala Siya ng lahat, maranasan ang Kanyang pag-ibig, at maintindihan ang Kanyang kalooban. Kaya, basahin natin ang Banal na Kasulatan (Bibliya): para makilala, para mamuhay sa Kanyang Salita, at para lumalim ang ating pananampalataya (*Rom. 10:17*).
3. **SA ATING PUSO -** *(Lk. 24:29)*
   Hindi nakilala ng dalawang alagad (2) si Hesus hanggang noong inimbitahan Siya sa kanilang tahanan.
   Hindi ipipilit ni Hesus ang Kanyang sarili sa atin; kakatok lang Siya sa pintuan ng ating mga puso. Kung hindi natin Siya patutuluyin, hindi Siya nakapapasok at mananatili sa ating puso (*Rev. 3:20)*
4. **EUKARISTIYA -** *(Lk. 24:30-31)*
   Noong pinaghahati-hati ni Hesus ang tinapay, nakita ng dalawang alagad ang mga sugat sa Kanyang mga kamay. Totoo nga, muli Siyang nabuhay.
   Ang pangyayaring ito "ang paghahati-hati ng tinapay" ay pahiwatig na ang Eukaristiya ay totoo at ang katotohanan na muling nabuhay si Hesus.
   Kaya, inihayag ni Hesus ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng ating pananalig sa **EUKARISTIYA.**

**Konklusyon:**
Lagi nating kalakbay si Hesus at gustong-gusto Niyang makilala Siya ng lahat. Gusto Niyang ihayag ang Kanyang sarili sa atin gaya ng paghayag Niya sa dalawang alagad sa daan tungong Emaus.

- Kausapin Siya sa **PANALANGIN**,
- Kilalanin Siya sa pamamagitan ng **BANAL NA KASULATAN,**
- Anyayahan Siya **SA ATING PUSO**
- Hanapin Siya sa EUKARISTIYA**.**

**Pagninilay:**

Paano inihayag ni Hesus ang Kanyang sarili sa iyo?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida Cruz
Na-edit ni: Sis Vera I. Tuplano
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Muling Pagkabuhay #Eukaristiya